



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Hulyo 2, 2021  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Walter Wallace, 415.519.4628

### **Air District, hinihiling sa mga residente na huwag magsindi ng mga personal na paputok ngayong Fourth of July**

*Ang mga paputok ay puwedeng magdulot ng wildfire at magpatindi sa polusyon*

**SAN FRANCISCO** – Hinihikayat ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang mga residente ng Bay Area na magkaroon Fourth of July na ligtas at malayo sa sakit sa pamamagitan ng hindi paggamit ng mga paputok para mabawasan ang usok at posibilidad na magkaroon ng wildfire.

Puwedeng magdulot ang mga paputok ng mas malalang polusyon sa hangin na nakakasama sa kalusugan. Ang usok mula sa mga paputok ay nagdudulot ng mas maraming particulate matter malapit sa ground, na puwedeng maging dahilan para mahirapang huminga ang mga tao at mag-trigger ng pag-atake ng hika, pag-ubo, paghinga nang may tunog, at iritasyon sa mata. Dapat limitahan ng mga sensitibong grupo, pati ng mga taong may mga isyu sa baga o sakit sa puso o baga, kasama ang mga bata at nakatatanda, ang pagkakatandad nila rito.

“Marami sa Bay Area ang nasasabik nang ipagdiwang ang Fourth of July, lalo na’t hindi natin ito nagawa noong nakaraang taon dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ngayong Fourth of July, napakahalagang hayaan na nating mga propesyonal lang ang magpaputok at manood na lang tayo sa mga lokal na fireworks display para makatulong na bawasan ang polusyon sa hangin at ang posibilidad na magkaroon ng wildfire dahil sa napakatinding tagtuyot.”

Kadalasan, lumalampas ang Bay Area sa mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng pederal sa gabi ng ika-4 ng Hulyo at sa umaga ng ika-5 ng Hulyo dahil sa mga fireworks display sa komunidad. Ang mga ligtas at hindi sumasabog (safe and sane) na paputok, na gaya ng mga nabibili sa mga pop up na tindahan ng paputok, ay may mga metal salt na ginagamit para sa kulay, pero puwede ring magdulot ng makapal na usok.

Nakakaapekto sa mga tao at alagang hayop ang mas matinding polusyon sa hangin dahil sa mga paputok. May posibilidad ring palakihin ng mga paputok ang posibilidad na magkaroon ng mga brush fire, wildfire, o sunog sa bahay na nagdudulot ng pinsala at iba pang epektong naghahatid ng usok.

Tingnan ang iyong lokal na pahayagan o makipag-ugnayan sa mga tanggapan ng pamahalaan sa iyong lungsod para makita ang mga pampublikong fireworks display sa iyong komunidad.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area sa siyam na county nito. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)